



Competition Bureau  
Canada

Bureau de la concurrence  
Canada

# ANG MALIIT NA ITIM NA AKLAT NG MGA PANLOLOKO

IKA 2<sup>ND</sup> EDISYON



Canada 

# ANG MALIIT NA ITIM NA AKLAT NG MGA PANLOLOKO

IKA 2<sup>NG</sup> EDISYON

Unang inilathala ng Competition Bureau Canada 2012

Ang paglalathalang ito ay hindi isang legal na dokumento. Ito ay nilalayong magbigay ng pangkalahatang impormasyon at ibinigay para sa iyong kaginhawaaan.

**Para sa impormasyon sa mga gawain ng Competition Bureau, mangyaring makipag-ugnay sa:**

Information Centre  
Competition Bureau  
50 Victoria Street  
Gatineau QC K1A 0C9

Tel.: 819-997-4282

Libreng-Tawag: 1-800-348-5358

TTY (para sa mahina ang pandinig): 1-866-694-8389

Fax: 819-997-0324

Website: [www.competitionbureau.gc.ca](http://www.competitionbureau.gc.ca)

Upang makakuha ng isang kopya ng paglalathalang ito, o upang matanggap ito sa isang alternatibong pormat (Braille, malaking print, atbp.) mangyaring makipag-ugnay sa Sentro ng Impormasyon ng Competition Bureau sa mga numerong nakalista sa itaas.

**Ang paglalathalang ito ay makukuha rin online sa HTML sa:**

<http://www.competitionbureau.gc.ca/eic/site/cb-bc.nsf/eng/04333.html>

**Pahintulot na kopyahin**

Maliban na lamang kung gaya nang sa ibang paraan ay espesipikong banggitin, ang impormasyon sa paglalathalang ito ay maaaring kopyahin, nang bahagi o nang buo at sa pamamagitan ng anumang mga paraan, nang walang bayad o karagdagang pahintulot mula sa Competition Bureau sa kondisyon na ang makatwirang pagsisikap ay ginawa upang matiyak ang kawastuan ng impormasyon na kinopya; na ang Competition Bureau ay tinukoy bilang ang pinagmulan na institusyon; at na ang pagkokopya ay hindi inirepresenta bilang isang opisyal na bersyon ng impormasyon na kinopya, at hindi bilang ginawa sa pagkakaugnay sa, o na may pag-eendorso ng Competition Bureau. Para sa pahintulot na kopyahin ang impormasyon sa paglalathalang ito para sa komersyal na muling pamamahagi, mangyaring Mag-aplay para sa Clearance ng Karapatang Magpalathala ng Crown o sumulat sa:

**Communications and Marketing Branch**

Innovation, Science and Economic Development Canada  
C.D. Howe Building  
235 Queen Street  
Ottawa, ON Canada  
K1A 0H5  
Email: [ISED@Canada.ca](mailto:ISED@Canada.ca)

© Ang Kanyang Kamahalan ang Reyna ng Canada sa Karapatan sa Canada, na kinakatawan ng Ministro ng Industriya (Her Majesty the Queen in Right of Canada, as represented by the Minister of Industry), 2018

Cat. No. lu54-42/2018TI-PDF  
ISBN: 978-0-660-29920-4  
2019-03-29

*This publication is available through PDF on the web in the following languages: English, Chinese simplified, Chinese traditional, Punjabi, Spanish, French.*


# PAUNANG SALITA

Ang mga manloloko ay tuso at mapanlinlang. Maaari nilang targetin ang sinuman, mula sa mga kabataan hanggang sa mga retirado. Maaari din nilang targetin ang mga negosyo. Walang hindi tinatablan sa panloloko.

Ang ating grupo ng mga superhero ay nakahanap ng paraan upang malaman ang mga panloloko. Ang sekreto nila ay simple: ang kaalaman ay kapangyarihan!

Patuloy na basahin upang malaman kung paano ka rin maaaring maging isang lumalaban-sa-panlolokong superhero. Ibahagi ang libritong ito sa pamilya at mga kaibigan at magsimulang magpalakas!





# TALAAN NG MGA NILALAMAN

Paglaban sa Panloloko 101 . . . . .	6	Mga panloloko sa buwis. . . . .	14
Mga bitag ng subskripsyon. . . . .	7	Mga door-to-door na panloloko . . . . .	15
Pagnanakaw ng pagkakakilanlan. . . . .	8	Mga emerhensiyang panloloko . . . . .	16
Mga CEO na panloloko. . . . .	9	Mga panloloko sa pagbili ng paninda . . . . .	17
Mga pangkalusugan at medikal na panloloko. . . . .	10	Mga Panloloko sa pagbebenta ng paninda . . . . .	18
Mga romansang panloloko . . . . .	11	Mga babala: mga bagay na dapat bantayan . . . . .	19
Mga Panloloko sa Negosyo. . . . .	12	Pag-uulat ng isang panloloko . . . . .	20
Mga phishing at smishing na panloloko . . . . .	13		



## PAGLABAN SA PANLOLOKO 101

Maging isang tunay-na-buhay na superhero sa pamamagitan ng pag-aarmas sa sarili ng impormasyon na kailangan mo upang labanan ang panloloko at panatilihin ang iyong sarili, iyong pamilya at ang iyong pera na ligtas.

**Nagsisikap ka nang husto para sa iyong pera.** Nais mong gastusin ito sa mga bagay na mahalaga sa iyo—maging ito man ay edukasyon ng iyong mga anak, isang kapana-panabik na paglalakbay o isang bagong smartphone.

**Tunay ang mga manloloko.** Sila ay nasa labas araw-araw na naghahanap ng mga biktima. Targetin ka nila online, sa telepono, sa pamamagitan ng koreo o sa personal.

**Ikaw ay isang target.** Libu-libong mga Canadian ang nawawalan ng milyun-milyong mga dolyar sa mga manloloko taun-taon. Ang epekto ng panloloko sa mga pamilya at mga negosyo ay maaaring maging mapangwasak.

**Matutong labanan ang panloloko.** Kabilang sa libritong ito ang 12 pinaka karaniwang mga panloloko na kasalukuyang tumarget sa mga Canadian. Ito ay puno ng mga tip at mga trick sa kung paano poprotektahan ang iyong sarili at kung ano ang dapat gawin kung ikaw ay maloko.

**Iulat ito!** Sinuman ay maaaring targetin, mula sa mga binatilyo't dalagita, hanggang sa mga lolo't lola, hanggang sa mga nakatataas na mga opisyal ng korporasyon. Ang pinakamahasag na bagay na magagawa mo ay ang iulat ang panloloko, maging anuman ang halaga, sa mga naaangkop na awtoridad. Huwag mahiya dahil ito ay makakatulong sa iba para hindi mahulog dito.

**Ang kaalaman ay kapangyarihan.** Pangalagaan ang iyong sarili sa pamamagitan ng paghahanap ng higit pang impormasyon. Bilang karagdagan sa libritong ito, maaari ka ring sumangguni sa napakaraming mapagkakatiwalaang mga website para sa higit na impormasyon.

Ang Canadian Anti-Fraud Centre, na pinamamahalaan ng RCMP, ng Competition Bureau at ng Ontario Provincial Police, ay may maraming impormasyon sa panloloko. Maging makapangyarihan ngayon sa pamamagitan ng pagbibisita sa [www.antifraudcentre.ca](http://www.antifraudcentre.ca)!



## MGA BITAG NG SUBSKRIPSYON

Ang mga magagandang deal ay maaaring maging pain sa iyo upang mahulog sa mga mamahaling bitag!

Ang bitag ng suskripsyon ay maaaring luminlang sa iyo sa pamamagitan ng pag-aalok ng “libre” o “mababang-halagang” mga pagsubok ng mga produkto at mga serbisyo. Ang mga produkto na karaniwang iniaalok ay mga pildoras na pampababa ng timbang, mga pagkaing

pangkalusugan, mga gamot at mga produktong pangontra sa pagtanda.

Sa oras na ibigay mo ang iyong impormasyon ng credit card upang bayaran ang mga gastos ng pagpapadala, lingid sa iyong kaalaman ikaw ay naikandado sa isang buwanang

suskripsyon. Ang paghahatid at paniningil ay maaaring maging mahirap pagkatapos, kung hindi halos imposible, na ipahinto.

Ginagamit ng mga manloloko ang mga website, email, platform ng social

media at mga telepono upang akitin ang mga tao. Tandaan, ang mataas na presyur na mga taktika ng pagbebenta tulad ng “limitadong panahon na alok” ay kadalasang ginagamit upang madaliin ka sa paggawa ng isang pasya.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Magtiwala sa iyong mga instinct. Kung ito ay masyadong maganda para maging totoo, huwag mag-sign up.
- Bago ka mag-sign up para sa isang libreng subok, magsaliksik tungkol sa kompanya at basahin ang mga review, lalo na iyong mga negatibo. Ang Better Business Bureau ay isang mahusay na mapagkukunan ng impormasyon.
- Huwag mag-sign up kung hindi mo makita o maunawaan ang mga tuntunin at mga kondisyon. Magbigay ng espesyal na atensyon sa paunang na-tsekan nang mga kahon, mga sugnay ng pagkakansela, mga patakaran ng pagsasauli, at anumang mga hindi malinaw na singil
- Kung magpapatuloy ka sa isang libreng subok, itago lahat ng mga dokumento, mga resibo, email, at mga text message.
- Regular na siyasatin ang iyong mga pahayag ng credit card para sa madalas o hindi nalalamang mga singil.
- Kung magkaroon ka ng problema sa pagkakansela ng iyong suskripsyon, kontakin ang iyong tagapagbigay ng credit card, iyong lokal na organisasyon na nagpoprotekta sa kostumer, o mga ahensiyang nagpapatupad ng batas.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## PAGNANAKAW NG PAGKAKAKILANLAN

Tumulong na siguraduhing ang iyong pagkakangkilanlan ay nananatiling iyo lamang!

Ang mga manloloko ay laging nagbabantay upang kumolekta o kumopya ng iyong personal na impormasyon upang gumawa ng panloloko. Ang mga magnanakaw ay maaaring gumawa ng mga pamimili gamit ang iyong mga akawnt, makakuha ng mga pasaporte, makatanggap ng mga benepisyo sa pamahalaan, mag-aplay ng mga pautang, at marami pa. Maaari nitong pataubin ang iyong buhay.

Ang mga manloloko ay gumagamit ng mga pamamaraan na nagsisimula sa simple hanggang sa masalimuot. Offline, sila ay maaaring pumunta sa mga basurahan o magnakaw ng mga sulat. Online, maaari silang gumamit ng spyware at mga virus, pati na rin ng pagha-hacking at pagpi-phishing (tingnan ang pahina 13).

Naghahanap sila ng impormasyon ng credit card, mga detalye ng akawnt sa bangko, buong pangalan at pirma, petsa ng kapanganakan, numero ng social insurance, buong address, apelyido ng ina noong dalaga pa, online

na mga username at mga password, numero ng lisensiya sa pagmamaneho, at numero ng pasaporte

Ang pagnanakaw ng pagkakangkilanlan ay isang mabigat na krimen!


### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Huwag kailanman ibibigay ang iyong personal na impormasyon sa telepono, sa pamamagitan ng text message, email o sa internet.
- Iwasan ang mga pampublikong kompyuter o mga Wi-Fi hotspot, tulad ng mga kapehan, upang mag-akses o magbigay ng personal na impormasyon; nilalagay ka ng mga ito sa panganib.
- Gumawa ng matibay at natatanging mga password para sa bawat isang akawnt mo online. Protektahan ng password ang iyong mga aparato at Wi-Fi network sa bahay.
- Gumamit ng isang ligtas at maipagkapupuring serbisyo ng pagbabayad kapag namimili online—hanapin ang isang URL na nagsisimula sa “https” at isang simbolo ng nakasarang kandado.
- Iwasang magbigay ng personal na impormasyon sa social media. Ito ay maaaring gamitin kasama ang iyong larawan upang gumawa ng panloloko.
- Laging tabingan ang iyong PIN kapag ginagamit ang iyong card. Kung iaabot ito sa isang kahera, huwag aalisin ang paningin dito.
- Gutayin at sirain ang mga dokumento na may personal na impormasyon.

Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.





## MGA CEO NA PANLOLOKO

Ang iyong CEO ay agarang nanghihingi ng pera; siguraduhin na ang email ay lehitimo!

Ikaw ba ay nagtatrabaho sa accounting o finance? Mayroon ka bang awtoridad na ilipat ang pera sa trabaho? Nag-uulat ka ba sa isang chief executive officer (CEO)? Kung oo, magbantay; partikular na pinupuntirya ka ng panloloko na ito!

Sa isang tipikal na “CEO na panloloko,” ang mga manloloko ay [magpapanggap na isang nakatataas na ehekutibo](#) ng kompanya, alinman sa pamamagitan ng pagkuha ng akses sa kanilang email

address o sa panggagaya nito. Sila ay magpapadala ng isang [mukhang makatotohanang mga email](#) na nagsisikap upang linlanging ka na [mag-wire ng pera](#) sa ikatlong partido.

Gagawin sa mga email ang kahilingan na ang tunog ay kagyat at kumpidensyal. Halimbawa, maaari nilang sabihin na ang pera ay kailangan upang makuha ang isang mahalagang kontrata, kumpletuhin ang isang kumpidensyal na transaksyon,

o i-update ang impormasyon ng pagbabayad ng tagatustos.

Ang mga manloloko ay kadalasang estratehiko tungkol sa tiyempo ng pagpapadala ng mga email na ito. Pinapadala nila ito kapag ang mga ehekutibo ay nasa malayo o mahirap maabot. Ang kapaki-pakinabang

na panlolokong ito ay maaaring magkahalaga ng [libu-libo hanggang mga milyong dolyares](#).

Ang mga CEO na panloloko ay isang lumalaking pagbabanta na tumarget sa kapwa maliliit na lokal na negosyo at mga malalaking korporasyon.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Panatilihin ligtas ang mga sistema ng kompyuter gamit ang isang up-to-date, maipagkapupuring panlaban sa virus na software at matibay na mga password.
- Patunayan lahat ng mga hinihiling na mga paglilipat alinman sa telepono o sa personal. Huwag kailanman gamitin ang impormasyon ng kontak na ibinigay sa mga email.
- Patotohanan ang adres ng email ng nagpadala—ang mga manloloko ay madalas na gagawa ng mga adres na kaparehong-kapareho noong mga lehitimo, na may isa o dalawang mga naiibang letra lamang.
- Hikayatin ang iyong kompanya na gumawa ng karaniwang proseso para sa mga paglilipat ng pera na nangangailangan ng maraming mga antas ng pag-aaprubo.
- Limitahan ang mga detalyeng ibinabahagi sa publiko. Ang mga manloloko ay gumagamit ng impormasyon na makukuha sa online at sa social media upang makahanap ng mga potensyal na biktima at tiyempuhan ang kanilang panloloko.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## MGA PANGKALUSUGAN AT MEDIKAL NA PANLOLOKO

Mag-ingat sa mga mahiwagang pagpapagaling na nag-aalok ng mabilis at madaling mga pag-aayos.

May mga manloloko sa labas na umaasang pagsamantalahan ang pagdurusa ng mga tao. Ang pinaka karaniwang mga uri ng mga pangkalusugan na panloloko ay ang mga **himalang pagpapagaling, mga programang nagpapababa ng timbang at mga huwad na online na parmasya**. Sa lahat ng mga kaso, sila ay kadalasang lumalabas bilang mga inisponsoran na paskil sa social media o mga website pop-up.

Ang mga manloloko ay nag-aalok ng mga produkto at mga serbisyo na mukhang **lehitimong mga alternatibong medisina at panggagamot** na mabilis at madaling gumagamot sa mga malalang kondisyon. Ang ilan sa mga ito ay maaaring magmukhang inendorso ng mga tanyag na tao o itinaguyod ng mga pagpapatunay ng mga tao na nag-aangkin na sila ay napagaling.

Ang mga pampababa ng timbang na panloloko ay nangangako ng **mga dramatikong resulta nang may napakaliit o walang pagsisikap**. Maaaring itaguyod ng mga manloloko ang mga pambihirang dieta; mga rebolusyonaryong ehersisyo; mga dumudurog-ng tabang aparato; o mga pambihirang tagumpay na produkto, gaya ng mga pildoras, mga patse o mga krema.

Ang mga huwad na online na parmasya ay nag-aalok ng **mga droga at mga gamot sa napakamurang mga presyo o nang walang reseta ng doktor**. Nag-aanunsiyo sila sa internet at nagpapadala ng mga spam na email. Kung makatanggap ka ng mga ipinakong produkto, walang garantiya na sila ay tunay o ligtas na inumin.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Tandaan na walang mga mahiwagang pildoras o mga himalang pagpapagaling para makamit ang mabilis na pagbaba ng timbang o paggagamot sa mga medikal na kondisyon.
- Huwag magtiwala sa mga pag-aangkin tungkol sa mga gamot, mga suplemento. Kunin ang mga katotohanan na direkta mula sa iyong propesyunal ng pangangalagang pangkalusugan.
- Huwag gumawa ng anumang bagay nang sapilitan, lalo na kung ang isang malaking paunang bayad o pangmatagalan na kontrata ay kailangan.
- Alamin na kung ang isang online na parmasya ay lehitimo, ito ay mangangailangan ng mga balidong reseta.
- Magduda sa mga pag-eendorso o mga testimonyo ng tanyag na tao.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## MGA ROMANSANG PANLOLOKO

Sino ang talagang nasa likuran ng keyboard?

Mag-ingat at magbantay para sa mga potensyal na manloloko na magsusubok na pahinain ang iyong mga depensa sa pamamagitan ng pag-aapela sa iyong romantiko at maawaing panig. Maaari ka nilang biktimahin sa mga popular, lehitimong mga dating site pati na rin doon sa mga peke.

Sa isang tunay na dating site, ang isang manloloko ay maaaring magpadala sa iyo ng mga ilang mga mensahe at

isang magandang larawan nila, o ng isang taong inaaangkin na sila iyon. Sa oras na ikaw ay mabighani, sila ay magsisimulang humingi sa iyo na **magpadala ng pera**. Maaaring sabihin nila na mayroon silang isang miyembro ng pamilya na malala ang karamdaman o nasa isang desperadong sitwasyon na kung saan kailangan nila ang iyong tulong. Sa oras na **maibigay mo sa kanila ang pera, sila ay kadalasang naglalaho.**

Ang isang manloloko ay maaari ring gumawa ng isang pekeng dating site kung saan **nagbabayad ka ng pera para sa bawat mensahe na ipinadadala mo at tinatanggap**. Upang mapanatili kang sumusulat na pabalik at nagbabayad, ang manloloko ay bibingwitin ka gamit ang malalabong email tungkol sa kanilang pagmamahal at pagnanais sa iyo.

Sa maraming mga kaso, ang manloloko ay maaari pang mag-ayos ng pakikipagkita sa iyo sa personal upang gawing mas kapani-paniwala ang kanilang panloloko.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Huwag na huwag magpadala ng pera o mga pampinansiyal na detalye sa isang dating site.
- Magtiwala sa iyong mga instinct, magtanong at maingat na basahin ang mga tuntunin at mga kondisyon bago magrehistro.
- Alamin kung aling mga serbisyo ang libre, kung alin ang nagkakahalaga ng pera at kung ano ang kailangan upang makansela ang iyong akawnt.
- Siguraduhin na gumagamit ka lamang ng mga lehitimo at maipagkapupuring dating site. Parating maingat na siyasatin ang mga website address, dahil madalas na ginagaya ng mga manloloko ang mga tunay na web address.
- Tandaan na hindi malamang na magpahayag ang isang tao ng kanilang walang kupas na pagmamahal sa kahit sino makalipas lamang ang mga ilang liham, mga email, tawag sa telepono o mga larawan.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## MGA PANLOLOKO SA NEGOSYO

Manatiling napapanahon sa mga pamamaraan na tumatarget sa mga negosyo!

Ang mga organisasyon maging anuman ang laki ay maaari pa ring maloko ng matatalinong manloloko, kaya siguraduhin na nalalaman mo ang tungkol sa kanila.

Ang isang tipikal na uri ay ang **panloloko sa direktoryo**. Ang manloloko ay magpapadala sa iyong kompanya ng isang panukala para sa isang paglilista o patalastas sa isang magasin, pahayagan o direktoryo ng negosyo, o para sa isang online na direktoryo. Sila

ay tatawag upang ikumpirma ang adres at ibang mga detalye. Pagkatapos ay **makakatanggap at magbabayad ng singil** ang departamento ng accounting, nang hindi nalalaman na ang iyong kompanya ay sa katumayan hindi nag-order o pinahintulutan ang serbisyo.

Ang isa bang karaniwang panloloko ay ang mga **produktong pangkalusugan at pangkaligtasan na panloloko**. Ikaw ay maaaring makatanggap ng isang tawag sa telepono mula sa isang tao

na nagsasabing siya ay nagmula sa probinsiyal na pamahalaan, na sinasabi sa iyo na ang mga kit ng pangunang lunas ay kailangang palitan o kailangan mong i-update ang pagsasanay ng iyong kompanya sa kalusugan at kaligtasan. Sa parehong mga kaso, maaaring sabihin sa iyo na kumilos nang mabilis.

Ang isa pang posibleng panloloko ay ang **panustos sa opisina na panloloko**,

na kinasasangkutan ng pagtanggap mo at **paniningil sa iyo para sa mga bagay na hindi mo ini-order**.

Sa maraming mga kaso, ang mga manloloko ay maghahabol sa iyo na bayaran ang halaga na inaaangkin nilang inutang mo. Lilinlangin ka nilang maniwala na iuulat ka sa isang ahensiya ng pagkolekta.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Turuan ang iyong sarili, iyong mga empleyado at iyong mga katrabaho na maging maingat sa mga hindi hinihinging tawag.
- Gumawa ng isang listahan ng mga kompanya na tipikal na gumagamit ng inyong negosyo.
- Limitahan ang bilang ng mga kawani na maaaring mag-apruba ng mga binibili at nagbabayad ng mga singil.
- Maliwanag na tukuyin ang mga pamamaraan para sa pagpapatunay, pagbabayad at pamamahala ng mga akawnt at mga paktura.
- Kontakin ang tagapangasiwa ng iyong probinsiya upang malaman ang iyong mga legal na obligasyon.
- Ang mga manloloko ay gagamit ng mga pangalan ng kompanya o mga logo na katulad doon sa mga kilalang kompanya upang gawing mukhang tunay ang kanilang mga paktura. Maingat na suriin ang mga paktura bago gumawa ng anumang pagbabayad.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## MGA PHISHING AT SMISHING NA PANLOLOKO

Magbantay. Ang mga mensahe ay madaling imbentuhin!

Habang naggugugol tayo ng mas maraming oras online, ang mga manloloko ay nagiging mas malikhain sa mga panloloko sa digital na espasyo.

Ang phishing ay kapag nakakuha ka ng isang **hindi hinihinging email na umaangkin na nagmula sa isang lehitimong organisasyon**, gaya ng mga pampinansiyal na institusyon, mga negosyo o mga ahensiya ng pamahalaan. Hihilingin sa iyo ng mga manloloko na magbigay o patotohanan,

alinman sa pamamagitan ng email o sa pamamagitan ng pagki-klik sa isang web link, ang personal o pinansiyal na impormasyon, tulad ng iyong numero ng credit card, mga password at numero ng social insurance.

Ang smishing ay kapareho nito, maliban sa ito ay **nagaganap sa pamamagitan ng mga text message**.

Ang mga mensaheng ito ay kadalasang kinokopya ang tono at logo ng mga

organisasyon na pinagkakatiwalaan mo, at kadalasan ay kinabibilangan ng isang tawag para umaksyon. Ito ay lumalabas sa maraming mga hugis

at mga uri nguni't ang suma total ay **naghahanap sila ng iyong mga personal na detalye**.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Alamin na ang mga maipagkapupuring organisasyon ay hindi kailanman manghihingi ng iyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng email o text.
- Huwag pansinin ang mga komunikasyon mula sa mga hindi kilalang kontak.
- Alisin ang mga kahina-hinalang mensahe dahil sila ay maaring magdala ng mga virus.
- Huwag sagutin ang mga spam na mensahe, kahit para ihinto ang subkripsyon, at huwag bubuksan ang anumang mga nakakabit o sundan ang anumang mga link.
- Upang patunayan ang isang hyperlink nang hindi nagki-klik, ilagay ang iyong mouse sa ibabaw nito. Maingat na siyasatin kung ito ay wasto.
- I-update ang iyong antivirus software sa lahat ng mga aparato.
- Huwag kailanman gamitin ang numero ng telepono o email address na ibinigay sa kahina-hinalang mensahe—gamitin ang impormasyon ng kontak na nakalista sa mga napatotohanang website.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## MGA PANLOLKO SA BUWIS

Nakatanggap ng isang tawag or email mula sa CRA? Suguraduhin na ito’y totoo!

Nakatanggap ka ng isang text message o isang email mula sa Canada Revenue Agency (CRA) na nagsasabing **ikaw ay karapat-dapat sa ekstrang refund** at ang dapat mo lamang gawin ay ibigay ang mga detalye ng iyong pagbabangko. Mag-ingat—itong kamangha-mangha-kung-totoo na sitwasyon ay ang eksaktong hitsura ng panloloko sa buwis.

Ang isa pang pagkakaiba ay iyong tatawag sila sa iyo at sasabihin na **ikaw ay may utang na pera sa CRA** at kailangan mong magbayad kaagad, o kung hindi ay iuulat ka nila sa pulis.

Sa anumang kaso, kung ikaw ay makatanggap ng tawag, sulat, email o text, na nagsasabing ikaw ay

may utang na pera sa CRA, ikaw ay maaaring magsiyasat nang doble

online sa “My Account” o tumawag sa 1-800-959-8281.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

Ang CRA ay hindi kailanman:

- gagamit ng agresibo o mapagbantang salita.
- tataktutin ka ng pag-aaresto o magpapadala ng pulis.
- hihingi ng mga bayad sa pamamagitan ng mga prepaid na credit card, o mga gift card, tulad ng iTunes, Home Depot, atbp.
- kokolekta o mamamahagi ng mga bayad sa pamamagitan ng Interac e-transfer.
- gagamit ng mga text message upang makipag-usap sa ilalim ng anumang mga pangyayari.

Ang mga email mula sa CRA:

- ay hindi kailanman nanghihingi ng pinansiyal na impormasyon.
- ay hindi kailanman nagbibigay ng pinansiyal na impormasyon.

Ang tinatanggap na mga paraan ng pagbabayad ng CRA ay:

- online banking.
- debit card.
- pre-authorized debit.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## MGA DOOR-TO-DOOR NA PANLOLOKO

Katok, katok! Sinong nariyan? Isang manloloko!

Kahit na nabubuhay sa isang didyital na panahon, mayroon pa ring mga ilang mga makalumang paraan ng panloloko na pumupunta doon mismo sa iyong pintuan, na nagpupuwesto ng panganib sa iyo at sa iyong mga negosyo. Sa panlilinlang na ito, ang door-to-door na salespeople ay gumagamit ng mga pamumuwersang pamamaraan upang

kumbinsihin kang bumili ng isang produkto o mag-sign up para sa isang serbisyo na hindi mo gusto o kailangan.

Ang mga agresibo na tonong ito ay madalas para sa donasyon sa kawanggawa, mga oportunidad sa pamumuhunan o mga serbisyong pambahay at pagpapanatili ng

mga kasangkapan, tulad ng mga pampainit ng tubig, mga pugon at mga air conditioner.

Sa maraming mga kaso, hindi mo kailanman matatanggap ang produkto

o serbisyong ipinangako. Sa mga iba, ang mga produkto o mga serbisyo ay may mababang kalidad o hindi tulad ng inirepresenta.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Huwag magpapapuwersa na gumawa ng isang mabilis na desisyon—maggugol ng panahon upang gumawa muna ng mga ilang pagsasaliksik tungkol sa nagbebenta at mga produkto.
- Humingi ng may larawang ID, kunin ang pangalan ng tao at ang kompanya o kawanggawa na kanilang kinakatawan.
- Humingi ng breakdown ng kawanggawa ng paglalaanan ng mga pondo. Siguraduhin na makuha ito nang nakasulat.
- Huwag magbahagi ng anumang personal na impormasyon o mga kopya ng anumang mga bayarin o mga pampinansiyal na pahayag.
- Magpahintulot lamang ng akses sa iyong ari-arian sa mga taong pinagkakatiwalaan mo bago ka mamuhunan.
- Magsaliksik bago ka mamuhunan. Huwag pipirma ng anuman at laging basahin ang mga maliliit na print.
- Alamin ang iyong mga karapatan. Makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng consumer affairs (mga gawain ng mamimili)—ang karamihan ng mga probinsiya at mga teritoryo ay may mga patnubay sa ilalim ng kanilang batas sa proteksyon ng mamimili.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## MGA EMERHENSIYANG PANLOLOKO

Mapagkalingang mga lolo't lola, huwag kumilos nang napakabilis!

Ang mga emerhensiyang panloloko ay kadalasang tumarget sa mapagmahal na mga lolo't lola, pinagsasamantalahan ang kanilang mga emosyon upang nakawin ang kanilang pera.

Ang tipikal na panloloko ay nagsisimula sa isang lolo o lola na tumatanggap ng isang tawag sa telepono mula sa isang tao na nagsasabing siya ay ang kanilang apo. Ang “apo” ay

nagpapatuloy na magsabi na sila ay nasa kagipitan— kabilang sa mga karaniwang kapahamakan ay ang pagkakaroon ng aksidente sa kotse, pagkabilanggo, o problemang makabalik sa bahay mula sa isang banyagang bansa—at kailangan nila ang pera kaagad.

Ang tumatawag ay magtatanong sa iyo ng mga tanong, upang ipaalam mo ang personal na impormasyon.

Sila rin ay magpapasumpa sa iyo ng kalihiman, sasabihin na sila ay nahihiya at hindi nila nais na malaman ng ibang mga miyembro ng pamilya kung ano ang nangyari.

Ang isang pagkakaiba ng planong ito ay ang pagtatanghal ng dalawang tao

sa telepono, ang isa ay nagpapanggap bilang apo at ang isa naman ay ang opisyal ng pulis o abogado.

Sa ibang mga kaso, ang manloloko ay magpapanggap na isang matandang kapitbahay o isang kaibigan ng pamilya na nasa kagipitan.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Maggugol ng panahon upang patunayan ang kuwento. Umaasa ang mga manloloko sa iyo na naising tumulong kaagad sa iyong mahal sa buhay sa isang emerhensiya.
- Tumawag sa mga magulang ng bata o mga kaibigan upang alamin ang kanilang kinaroroonan.
- Magtanong sa tao sa telepono ng mga tanong na tanging ang iyong mahal sa buhay lamang ang makakasagot at patunayan ang pagkakakilanlan nito bago gumawa ng mga hakbang para tumulong.
- Huwag kailanman na magpadala ng pera sa sino man na hindi mo kilala o pinagkakatiwalaan.
- Huwag kailanman na magbigay ng personal na impormasyon sa tumatawag.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.





## MGA PANLOLOKO SA PAGBILI NG PANINDA

Hindi lahat ng mga nagbebenta sa online ay maipagkapupuri!

Ang pamimili online ay isang paboritong pampalipas ng oras ng maraming mga mamimili. Nguni't marami sa mga deal na nakikita mo online—mula sa mga murang mga lukbbutan ng mga designer hanggang sa malaking diskuwentong mga elektronikong paninda—ay napakaganda para maging totoo.

Ang mga manloloko ay maaaring **gumawa ng mga akawnt sa mga lehitimong auction site**, tulad ng eBay, o sa isang online marketplace, tulad ng Kijiji o Craigslist. Sila ay mag-aanunsiyo ng kanilang mga produkto sa **napakababang mga presyo, na aakitin ka** upang bilhin sila.

Sa katapusan ng araw, kung makakakuha ka ng isang bagay,

ito ay maaaring mababang kalidad o isang masamang imitasyon ng iyong inaasahan.

Sa mga ibang pagkakataon, aakitin ka ng mga manloloko na mag-klik sa mga naka-isponsor na link na magdidirekta sa iyo sa isang mukhang totoong website. Kapag

nagpasiya kang bumili mula roon, ikaw ay hindi magkakabenepisyo ng anumang proteksyon or mga serbisyo na inihahandog ng mga lehitimong website.

Kung ang isang site o alok ay dramatikong nangingibabaw sa mga iba, malamang na mayroong hindi tama.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Bumili mula sa mga kompanya o mga indibidwal na kilala mo batay sa reputasyon o mula sa nakaraang karanasan.
- Huwag kailanman gagawa ng isang deal sa labas ng auction site.
- Mag-ingat sa mga nagbebenta mula sa malayong lugar o may limitado o walang mga review.
- Gamitin ang credit card kung namimili online; maraming nagbibigay ng proteksyon at maaaring magbigay sa iyo ng refund.
- Mag-ingat sa mga website na naglalaman ng mga maling pagbabaybay at mga maling gramatiko.
- Maingat na basahin ang mga patakaran sa refund at pagsasauli, kabilang na ang mga maliliit na print.
- Magtanong sa tagapagtustos at ikumpirma ang mga takdang panahon ng paghahatid ng serbisyo at ang kabuuang halaga.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.



## MGA PANLOLOKO SA PAGBEBENTA NG PANINDA

Ang mga manloloko ay maaaring magkunwari bilang mga mamimili.

Kung ikaw ay nagbebenta ng mga bagay online, maging para sa sarili o bilang bahagi ng isang negosyo, kailangan mong mag-ingat sa kung sino ang binebentahan mo dahil mayroong panganib na maging target ng mga manlilinlang na nais makuha ang iyong paninda, pera, o pareho.

Sa isang bersyon, ang manloloko ay sasang-ayon na bilhin ang iyong tinda

nang hindi ito nakikita. Makatanggap ka ng PayPal o email na abiso ng pera na nagsasabing ang bayad ay nakabinbin.

Ang panlinlang dito ay, ang abiso ay magsasabi na ang bayad ay ilalabas lamang kapag nagbigay ka ng isang numero ng tracking para sa mga paninda. Sa oras na ipinasok mo ang numero ng tracking, naipadala mo na

ang paninda para malaman lamang na ang abiso sa bayad ay huwad.

Sa ibang mga kaso, ikaw ay maaaring bayaran ng isang huwad na paglipat ng pera, isang mapanlinlang na tseke o isang ninakaw na credit card.

Sa isa pang bersyon, ang manloloko ay maaaring magpadala sa iyo ng isang mensahe na nagsasabing ang bayad ay hindi maipadala dahil sa isang problema sa iyong PayPal o akawnt sa

bangko. Hihingiin sa iyo na magbayad ng isang bayad upang makakuha ng isang akawnt ng negosyo upang makumpleto ang transaksyon. Ang manloloko ay mag-aalok rin na bayaran ang singil kung babayaran mo silang pabalik gamit ang isang paglilipat (transfer) o serbisyo ng kawad (wire service). Kapag sumang-ayon ka, ang “singil” na pera ay mapupunta sa nagpapanggap na tao.

### Mga tip upang protektahan ang iyong sarili:

- Laging makipagtagpo sa isang lokal, pampubliko at ligtas na lugar upang kumpletuhin ang isang pagpapalitan.
- Mag-ingat sa mga generic na email na may masamang gramatiko.
- Mag-ingat sa mga mamimili sa malayong lugar na nais bumili ng mga produkto o iba pang mga bagay nang hindi tinitingnan ang mga ito.
- Patotohanan ang adres ng email ng nagpadala—ang mga manloloko ay madalas na gagawa ng mga adres na kaparehong-kapareho noong mga lehitimo, na may isa o dalawang mga naiibang letra lamang.
- Huwag kailanman magpadala ng pera upang makakuha ng pera.

**Kung ikaw ay naghihinala ng isang panloloko, laging iulat ito.**

Magtungo sa mga pahina 19 at 20 para sa higit pang impormasyon.

# MGA BABALA: MGA BAGAY NA DAPAT BANTAYAN

Pag-aralan na kilalanin ang mga palatandaan na may isang bagay na hindi tama.

**Paglilipat sa kawad (Wire transfer).** Maraming mga panlolokong nagsasangkot ng kahilingan upang ilipat nang elektroniko ang pera gamit ang isang serbisyo ng paglilipat ng pera, tulad ng MoneyGram at Western Union, o gamit ang cryptocurrency, na tulad ng Bitcoin. Tandaan na ang pagpapadala ng paglilipat sa pamamagitan ng mga serbisyo ng ito ay katulad ng pagpapadala ng salapi—sa sandaling ang halaga ay makuha, halos imposible nang makuhang pabalik ang pera.

**Sobrang bayad.** Kapag nagtitinda ka ng isang bagay—lalung-lalo na online—maging maingat sa kung paano ka babayaran. Ang isang manloloko ay maaaring magpadala sa iyo ng isang huwad na cashier's, personal o corporate na tseke sa isang halagang sobra sa utang nila sa iyo. Hihingiin sa iyo na ideposito ang tseke at i-wire kaagad ang mga sumobrang pondo sa kanila. Sa oras na matanto ng bangko na ang tseke ay peke, ikaw ang nasa kawit para sa perang inilabas.

**Mga pagkakamali sa pagbabaybay.** Magduda sa mga email, mga mensahe o mga website na naglalaman ng maling pagbabaybay ng mga karaniwang salita; mga maling gramatiko na mahirap basahin o mga ekspresyon na ginamit nang mali. Ang mga email at web address ay dapat ding suriin nang husto upang makita kung mayroong mga banayad na pagkakamali o mga pagkakaiba.

**Paghiling ng personal na impormasyon.** Ang mga manloloko ay maaaring humingi sa mga potensiyal na biktima na magbigay ng higit pang personal o pampinansiyal na impormasyon kaysa sa kinakailangan para sa transaksyon o pag-uusap. Maghinala kapag ang isang tao ay humingi ng mga kopya ng iyong pasaporte, numero ng lisensiya sa pagmamaneho at social insurance, o petsa ng kapanganakan, lalung-lalo na kung hindi mo kilala ang nanghihingi.

**Mga tawag na hindi hiningi.** Maaari kang makatanggap ng tawag mula sa isang tao na nagsasabing mayroon kang virus sa iyong kompyuter, ikaw ay may utang sa mga buwis o na may mapanlinlang na aktibidad sa iyong mga akawnt sa

bangko. Alamin na ang mga lehitimong organisasyon ay hindi tatawag sa iyo nang direkta. Ibaba ang telepono at tawagan mo ang organisasyon gamit ang numero mula sa isang mapagkakatiwalaang pinanggalingan, tulad ng isang aklat ng telepono, kanilang website, o maging mga paktura at mga pahayag ng akawnt.

**Hindi hinihingi ng mga kahilingan upang maging kaibigan sa social media.**

Huwag tatanggap ng mga hiling ng pakikipagkaibigan mula sa mga taong hindi mo kilala hanggang marepaso mo ang kanilang mga profile o nakapagtanong sa iyong mga tunay na kaibigan kung kilala nila ang mga ito. Mukha bang blangko ang kanilang profile o may mga post na masyadong generic? Mukha bang nangangako sila ng mas higit pa sa pakikipagkaibigan? May mga ilang babala na tumuturo sa isang panloloko. Tanggalin ang kahilingan at i-block ang mga hinaharap pa.

**Lubhang kataka-takang mga alok sa koreo.** Ikaw ay nakatanggap ng isang card ng laro sa koreo. Ito ay gumagarantiya na ikaw ay mananalo o nanalo na. Ang mga premyo ay maaaring magsimula sa mga kotse hanggang mga biyahe. Kung ikaw ay hindi sumali sa isang timpalak, itapon ang card na iyon. Ito ay malamang na isang panloloko!

**Ito ay sobrang ganda upang maging totoo.** Lahat ay nais ang isang mahusay na deal. Nguni't ang mga alok na nakabibigla, hindi mapaniwalaang mga diskuwento at hindi makatotohanang rate ay maaaring maghudyat na ang alok ay hindi kagaya ng sinasabi nito. Ang mga murang presyo ay kadalasang katumbas ng mga mumurahing produkto, o mga pekeng paninda. Ang mga libreng handog ay maaaring mangailangan ng iyong credit card para sa pagpapadala. Ang mga maliliit na taktikang ito ay maaaring maghatid ng malaking mga tubo para sa mga manloloko.

# PAG-UULAT NG ISANG PANLOLOKO

Kung sino ang kokontakin ay depende sa kung saan ka nakatira at kung anong uri ng panloloko ang kasangkot.

Maging ikaw man ay naloko o tinarget ng isang manloloko, ikaw ay dapat na laging mag-ulat nito. Ang mga awtoridad sa Canada ay maaaring hindi palaging makakagawa ng aksyon laban sa mga manloloko, nguni't may mga paraan na maaari kang makatulong. Sa pamamagitan ng pag-uulat ng panloloko, maaaring balaan ng mga awtoridad ang ibang tao at alertuhin ang media upang mabawasan ang mga pagkakataon ng panloloko na kumalat pa. Dapat mo ring balaan ang iyong mga kaibigan at pamilya tungkol sa anumang mga panloloko na na-engkuwentro mo.

Narito ang ilang payo sa kung saan mag-uulat, depende sa panloloko:

**Canadian Anti-Fraud Centre**  
[www.antifraudcentre.ca](http://www.antifraudcentre.ca)  
1-888-495-8501

**Competition Bureau**  
[www.competitionbureau.gc.ca](http://www.competitionbureau.gc.ca)  
1-800-348-5358

## Mga lokal na panloloko

### Makipag-ugnay sa iyong lokal na consumer affairs na tanggapan

Ang iyong lokal na consumer affairs na tanggapan ang pinakamahusay na mapagkukunan para sa pag-iimbestiga ng mga panloloko na mukhang nagmumula sa loob ng iyong probinsiya o teritoryo. Ang isang listahan ng probinsiyal at teritoryal na mga tanggapan ng consumer affairs ay maaaring matagpuan sa Canadian Consumer Handbook.

[www.consumerhandbook.ca](http://www.consumerhandbook.ca)

## Mga pampinansiyal at pamumuhunan na panloloko

### Kontakin ang Canadian Securities Administrators

Ang pampinansiyal na panloloko ay nagsasangkot ng mga alok sa pagbebenta o mga promosyon tungkol sa mga pampinansiyal na produkto at mga serbisyo, tulad ng superannuation, mga pinamamahalaang pondo, payong pampinansiyal, seguro, o mga akawnt ng kredito o ng deposito.

Kasangkot sa mga panloloko sa pamumuhunan ang pamimili ng mga share, foreign currency trading, mga offshore na pamumuhunan, mga Ponzi scheme, o mga prime bank na pamumuhunang scheme.

Maaari kang mag-ulat ng pampinansiyal o pamumuhunan na panloloko sa Canadian Securities Administrators o sa iyong tagapangasiwa ng lokal na securities.

[www.securities-administrators.ca](http://www.securities-administrators.ca)

## Mga panloloko sa pagbabangko at credit card

### Kontakin ang iyong bangko o pinansiyal na institusyon

Bilang karagdagan sa pag-uulat ng mga panlolokong ito sa Canadian Anti-Fraud Centre, kailangan mo ring alertuhin ang iyong bangko o pinansiyal na institusyon tungkol sa anumang kahina-hinalang sulat na iyong natanggap tungkol sa iyong akawnt. Maaari ka nilang payuhan sa kung ano ang susunod na gagawin.

Kapag kinokontak ang iyong bangko o pinansiyal na institusyon, siguraduhing gamitin ang numero ng telepono na matatagpuan sa aklat ng telepono, sa iyong pahayag ng akawnt o sa likod ng iyong card.

## Mga spam email at mga text message

### Makipag-ugnay sa Spam Reporting Centre

Maraming mga panloloko na dumadating sa email at text message. Bisitahin ang [www.fightspam.gc.ca](http://www.fightspam.gc.ca) para sa impormasyon sa lehislyasyon ng Canada laban sa spam at kung paano iulat ang spam.

Ang mga mapanlinlang, phishing o smishing na mensahe na humihiling ng mga personal na detalye ay maaari ding iulat sa bangko, pinansiyal na institusyon o ibang nagmamalasakit na organisasyon. Ulit, siguraduhing gamitin ang numero ng telepono o email address na nakalista sa isang opisyal na maipagkapupuring pinanggagalingan, at hindi sa isang lumilitaw sa email.

## Panloloko, pagnanakaw at iba pang mga krimen

### Kontakin ang pulis

Maraming mga panloloko na maaaring lumalabag sa mga batas ng proteksyon ng mamimili (iyong mga pinatutupad ng Competition Bureau at ibang mga ahensiya ng pamahalaan at tagapagpatupad ng batas) ay maaari ding lumabag sa mga probisyon ng panloloko ng *Criminal Code*.

Kung ikaw ang biktima ng panloloko—nangangahulugan na ikaw ay nagdusa ng isang kawalan dahil sa kasinungalingan o panlilinlang ng isang tao—isaalang-alang na kontakin ang iyong lokal na pulis, lalo na kung ang kaugnay na halaga ay malaki. Talagang dapat mong kontakin ang pulis kung ang iyong pag-aari ay ninakaw o ikaw ay pinagbantaan o sinalakay ng isang manloloko.

## Pagnanakaw ng pagkakakilanlan

### Kontakin ang pulis

Ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan ay tumutukoy sa pagkuha at pagkolekta ng personal na impormasyon ng ibang tao para sa mga kriminal na layunin.

Kung naghihinala ka o alam na ikaw ay biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan o panloloko, o kung ikaw ay hindi sinasadyang nagbigay ng personal o pampinansiyal na impormasyon, ikaw ay dapat:

- Makipag-ugnay sa iyong lokal na puwersa ng pulis at mag-file ng isang ulat.
- Kontakin ang iyong bangko o pinansiyal na institusyon at kompanya ng credit card.

- Kontakin ang dalawang pambansang mga bureau ng credit card at maglagay ng isang alerto ng panloloko sa iyong mga ulat ng kredito.
- Laging iulat ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan at panloloko. Kontakin ang Canadian Anti-Fraud Centre.

## Mga karagdagang organisasyon na dapat kontakin depende sa sitwasyon:

- Ang iyong probinsiyal na Better Business Bureau
  - Canada Revenue Agency—Linya ng Pagtatanong ng mga Kawanggawa (Charities Inquiries Line)
- www.cra-arc.gc.ca  
1-800-267-2384
- Ang iyong tanggapan ng mga probinsiyal na rekord
  - Ang mga credit bureau ay maaaring maglagay ng alerto ng panloloko sa iyong akawnt, na mag-aalerto sa mga nagpapahiram at nagpapautang tungkol sa potensyal na panloloko:

Equifax Canada  
1-800-465-7166

TransUnion Canada  
1-866-525-0262

Ang *Maliit na Itim na Aklat ng Mga Panloloko* ay makukuha online sa [www.competitionbureau.gc.ca](http://www.competitionbureau.gc.ca)

**Ang  
kaalaman ay  
kapangyarihan!**

